"Dadalhin ko ang laban kontra droga
sa bawat lalawigan at lungsod.
Kakatukin ko ang mga pinto ng
bawat pamilyang Pilipino."

***Presidente Gloria***

# Isang Praymer Tungkol sa COMPREHENSIVE DANGEROUS DRUG ACT (Republic Act 9165)



# Isang Praymer Tungkol sa
# Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002
## (Republic Act 9165)



# M E N S A H E

Matindi ang isinasagawang kampanya laban sa iligal na droga sa panahong ito kumpara sa mga nagdaang panahon. Nagpapatunay lamang ito ng masidhing determinasyon ni Pangulong Gloria Macapagal Arroyo na lipunin ang salot na ito ng lipunan na humahadlang sa paglago at pagsulong ng ating ekonomiya.

Salamat sa pinagsanib na lakas ng *Philippine Drugs Enforcement Administration, Dangerous Drugs Board,* at *Philippine National Police,* at sa matiyagang pagmamanman ng mga mamamayan upang maisuplong ang mga iligal na gawain sa kanilang komunidad. Maraming malalaking tao ang nahuli, maraming kasong nadala sa korte, maraming pagawaan ng shabu ang nabuwag, at bilyong halaga ng mga kagamitan at iligal na droga ang nakumpiska ng pamahalaan.

Ang paglilimbag ng praymer na ito tungkol sa iligal na droga ay sadyang napapanahon. Naniniwala ako na malaki ang maitutulong nito sa pagtuturo sa ating mga mamamayan, lalo na sa mga kabataan, sa pinsalang dulot ng droga at maitatanim din sa kanilang isipan ang nilalaman ng RA 9165 o *Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002,* ang batas na nagpaparusa sa pag-iingat, pagbenta, at paggawa ng iligal na droga.

Umaasa akong magsisilbing daan ang proyektong ito tungo sa isang *drug-free Philippines.*

**JOSE D. LINA, JR.**
Kalihim



# MENSAHE

Isa sa pinamakatinding pagsubok na kinakaharap ng ating bansa sa kasalukuyan ay ang problema sa iligal na droga. Ang pagkalat nito ay isang malaking dagok sa ating lipunan hindi lamang dahil sa maraming buhay na nawawasak at napipinsala kundi gayundin ang kayamanan/pag-aari nating nasasayang.

Ang mabigat na problemang ito ang nagbunsod sa ating pamahalaan upang maagap na kumilos at palakasin ang ating *national drug law enforcement system.* Ito ang nagsilbing daan upang ipatupad noong Hunyo 2002 ang *Republic Act 9165*, o ang *Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.*

Nakasaad sa bagong batas na ito ang mga nararapat na aksyon para sa pambansang kampanya laban sa droga at ang mabibigat na parusang ipapataw sa sinumang magkakasala. Itinatag din ang *Philippine Drug Enforcement Agency* (PDEA), ang ahensiyang mangunguna sa pinasiglang pambansang kampanya kontra iligal na gamot. Sa ilalim ng bagong batas, mananatiling tagalikha ng mga pamamaraan at polisya ang *Dangerous Drugs Board* (DDB), samantalang ang PDEA ang siyang magpapatupad ng mga ito.

Umaasa kami na sa pamamagitan ng praymer na ito, magkakaroon ng sapat na kaalaman ang ating mga tagapagpatupad ng batas, mga lokal na opisyal, tagapamahayag, *civil society,* ang akademya, kalakalan, kabataan at estudyante, at iba pang sektor, upang pagtulungang hadlangan at puksain ang salot na ito sa ating lipunan na patuloy na nananalasa sa ating buhay.

USEC. **ANSELMO S. AVENIDO JR.**
Director General
Philippine Drug Enforcement Agency

## Ano ang Republic Act 9165?

Ang Republic Act 9165 ang tinaguriang Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

## Ano ang layunin ng RA 9165?

Layunin ng RA 9165 na pangalagaan ang kapakanan ng mamamayan, lalung-lalo na ang mga kabataan, laban sa pinsalang dulot ng droga.



## Sinu-sino ang nasasakop ng RA 9165?

Mapaparusahan sa ilalim ng batas RA 9165 ang mga taong:

- nagbebenta; at
- gumagamit ng ipinagbabawal o ilegal na droga at mga kauri nito.




## Paano makakatulong ang RA 9165 sa anti-drug policy ng pamahalaan?

Sa pamamagitan ng RA 9165, titiyakin ng pamahalaan na:

- mahuhuli ang mga taong nagbebenta at gumagamit ng ipinagbabawal na gamot at mapapatawan sila ng kaukulang parusa;
- magkakaroon ng isang pambansang programa sa pagsugpo sa pagkalat ng ilegal na droga upang ang mga taong nangangailangan ng gamot na ipinagbabawal ay malayang makagamit nito para sa kanilang karamdaman; at

- magkakaroon ng tuloy-tuloy na programa para sa gamutan at rehabilitasyon ng mga nagiging biktima ng pang-aabuso ng gamot.

## ☐ Anu-ano ang mga tinatawag na bawal na gamot?

Nakasaad sa RA 9165 ang listahan ng mga ipinagbabawal na gamot at mga kauri nito. Narito ang ilan sa pinakamadalas na abusuhing gamot:

- *marijuana, marijuana resin,* o *marijuana resin oil;*

- *methylenedioxymethamphetamine* (MDMA) o mas kilala sa tawag na “ecstasy”, *paramethoxyamphetamine* (PMA), *trimethoxyamphetamine* (TMA), *lysergic acid diethylamine* (LSD), *gamma hydroxybutyrate* (GHB), at mga kauri nito, o anumang bagong tuklas na gamot at kanilang pinagkunan nito na hindi naman nakakagamot;

- *methamphetamine hydrochloride* o mas kilala sa tawag na shabu, *ice,* o *meth;*

- opyum;

- morpina;

- *heroin;* at

- *cocaine o cocaine hydrochloride.*



- **Ano ang ibig sabihin ng "pangangalakal (trafficking) at paggamit" ng ilegal na droga o ipinagbabawal na gamot?**

    - Pangangalakal - kasama rito ang pagtatanim, paggawa, pagkakalat, pangangasiwa, pagbuo, pagbebenta, pag-angkat, pagluluwas, at pag-aari ng anumang ipinagbabawal na gamot at kauri nito.


    - Paggamit - tumutukoy sa pagtuturok (sa pamamagitan ng ugat o kalamnan), pag-ubos (sa pamamagitan ng pagnguya, paghithit, pagsinghot, pagkain, paglunok, o pag-inom), o anumang paraan para makapasok ito at makaapekto sa katawan ng tao.

- **Ano ang mga ilegal na gawaing may kaugnayan sa pangangalakal at paggamit ng ilegal na droga at ang karampatang parusang ipapataw sa mga ito?**

| Gawain | Parusa |
|---|---|
| **1. Pag-angkat** | |
| A. ng ilegal na droga | Habambuhay na pagkabilanggo hanggang kamatayan at multang P500,000 hanggang P10,000,000 |
| B. ng mga pinagkunan at kailangang kemikal | Pagkabilanggo nang mula 12 hanggang 20 taon at multang P100,000 hanggang P500,000 |
| • mga gawain sa A at B na gamit ang diplomatic passport | Pinakamabigat na parusang kamatayan at multang P10,000,000 |
| • bilang tagatustos sa gawain A at B | Pinakamabigat na parusang kamatayan at multang P10,000,000 |
| • bilang protektor ng gawain A at B | Pagkabilanggo nang mula 12 hanggang 20 taon at multang P100,000 hanggang P500,000 |











| Gawain | Parusa |
|---|---|
| **2. Pagbebenta, pangangalakal, pangangasiwa, pagkakalat, pamamahagi, at paghahatid** | |
| A. ng ilegal na droga | Habambuhay na pagkabilanggo hanggang kamatayan at multang P500,000 hanggang P10,000,000 |
| B. mga pinagkunan at kailangang kemikal | Pagkabilanggo nang mula 12 hanggang 20 taon at multang P100,000 hanggang P500,000 |
| • kung ang A at B ay naganap sa lugar na 100 metro lamang ang layo mula sa paaralan | Pinakamabigat na parusang kamatayan at multang P10,000,000 |
| • kung ang A at B ay nag-empleo ng mga menor de edad o may kapansanan bilang tagapagdala at tagapagkalat | Pinakamabigat na parusang kamatayan at multang P10,000,000 |
| • kung ang biktima ng A at B ay mga menor de edad o may kapansanan | Pinakamabigat na parusang kamatayan at multang P10,000,000 |
| • kung ang A at B ang naging sanhi ng kamatayan ng biktima | Pinakamabigat na parusang kamatayan at multang P10,000,000 |
| • bilang tagatustos ng gawain sa A at B | Pinakamabigat na parusang kamatayan at multang P10,000,000 |
| • bilang protektor ng A at B | Pagkabilanggo mula 12 hanggang 20 taon at multang mula P100,000 hanggang P500,000 |

| Gawain | Parusa |
|---|---|
| **3. Pagpapanatili ng mga kuta (den), sugalan (dive), o pahingahan (resort)** | |
| A. kung saan ang mga ilegal na droga ay ipinagbibili | Habambuhay na pagkabilanggo hanggang kamatayan at multang mula P500,000 hanggang P10,000,000 |
| B. kung saan ang mga pinagkuhanan at kailangang kemikal ay ginagamit o ipinagbibili | Pagkabilanggo nang mula 12 hanggang 20 taon at multang P100, 000 hanggang P500,000 |
| • kung ang biktima ng A at B ay mga menor de edad | Pinakamabigat na parusang kamatayan at multang P10,000,000 |
| • kung ang gamit ng A at B sa mga kuta, sugalan, at pahingahan ang naging sanhi ng kamatayan ng biktima | Kamatayan at multang P1,000,000 hanggang P15,000,000 |
| • kung iba ang may-ari (third party) ng kuta, sugalan, o pahingahan | Pagkumpiska ng pamahalaan ng mga kagamitan at ari-arian |
| • bilang tagatustos ng gawain sa A at B | Pinakamabigat na parusang kamatayan at multang P10,000,000 |
| • bilang protektor ng gawain A at B | Pagkabilanggo nang mula 12 hanggang 20 taon at multang P100,000 hanggang P500,000 |




| Gawain | Parusa |
|---|---|
| **4. Mga kawani at bisita sa kuta, sugalan, o pahingahan na batid ang aktibidad dito** | Pagkabilanggo nang mula 12 hanggang 20 taon at multang P100,000 hanggang P500,000 |
| **5. Paggawa o pagbuo** | |
| A. ng ilegal na droga | Habambuhay na pagkabilanggo hanggang kamatayan at multang P500,000 hanggang P10,000,000 |
| B. ng pinagkukunan at kailangang kemikal | Pagkabilanggo nang mula 12 hanggang 20 taon at multang P100,000 hanggang P500,000 |
| • ang pagkakaroon ng mga pinagkukunan at kailangang kemikal at kasangkapan sa isang laboratoryo ay isa nang matibay na ebidensiya na gumagawa rito ng mga ilegal na droga | |
| Mga kondisyong nagdidiin: |  |
| Kung ang proseso ng paggawa ay: | |
| • sa harap ng mga menor de edad | |
| • isinasagawa sa lugar na 100 metro lang ang layo mula sa tirahan, lugar ng negosyo, simbahan, o paaralan | |
| • kung protektado ang laboratoryo ng isang patibong | |
| • kung itinatago ang laboratoryo sa pamamagitan ng isang lehitimong negosyo | |
| • kung ang pag-empleo ng isang *chemical engineer,* opisyal ng pamahalaan, o dayuhan ay: | |
| - bilang tagatustos sa pag-gawa ng ilegal na droga o ng pinagkukunan at kaila-ngang kemikal | Pinakamabigat na parusang kamatayan at multang P10,000,000 |

| Gawain | Parusa |
|---|---|
| - bilang protektor ng gumagawa ng ilegal na droga at pinagkukunan o kailangang kemikal | Pagkabilanggo nang mula 12 hanggang 20 taon at multang P100,000 hanggang P500,000 |
| **6. Ilegal na paggamit sa mga pinagkukunan at kailangang kemikal** | Pagkabilanggo nang 12 hanggang 20 taon at multang P100,000 hanggang P500,000 |
| **7. Paggagawa o pagdadala ng mga kasangkapan, instrumento, aparato, at iba pang kagamitan para sa ilegal na droga at pinagkukunan at mga kailangang kemikal** | Pagkabilanggo nang mula 12 hanggang 20 taon at multang P100,000 hanggang P500,000 |
| • kung ang nasabing paggawa o pagdadala ng mga kasangkapan, instrumento, aparato o anumang kagamitan ay para mag-iniksyon, o humithit, o magpasok ng ilegal o ipinagbabawal na gamot sa katawan ng tao | Pagkabilanggo nang mula anim na buwan hanggang apat na taon at multang P10,000 hanggang P50,000  |
| • paggamit ng mga menor de edad o may kapansanan upang magdala ng mga kasangkapan, instrumento, aparato, at iba pang kagamitan. | Pagkabilanggo ng 20 taon at multang P500,000 |
| **8. Pag-iingat ng ilegal o ipinagbabawal na gamot** | |
| A. 10 gramo o higit pang opyum<br>10 gramo o higit pang morpina<br>10 gramo o higit pang heroin<br>10 gramo o higit pang cocaine o cocaine hydrochloride<br>50 gramo o higit pang methamphetaminehydro-chloride o shabu | Habambuhay na pagkabilanggo hanggang kamatayan at multang P500,000 hanggang P10,000,000  |

| Punishable Act | Penalty |
|---|---|
| 10 gramo o higit pang marijuana resin o marijuana resin oil<br>500 gramo o higit pang marijuana<br>10 gramo o higit pang methylenedioxy-methamphetamine (MDMA) o ecstacy, paramethoxy-amphetamine (PMA), trimethoxyamphetamine (TMA), lysergic acid diethylamine (LSD), gamma hydroxybutyrate (GHB), at iba pang katulad na gamot at ang kanilang mga derivative |  |
| B. 10 gramo o higit pa ngunit di hihigit sa 50 gramong shabu | Habambuhay na pagkabilanggo at multa mula P400,000 hanggang P500,000 |
| C. 5 gramo o higit pa ngunit di hihigit sa 10 gramo ng:<br>opyum<br>morpina<br>heroin<br>cocaine o cocaine lydrochloride<br>marijuana resin o marijauna resin oil<br>shabu<br>iba pang ipinagbabawal na gamot -- ecstasy, PMA, TMA, LSD, GHB o<br>300 gramo o higit pa ngunit di hihigit sa 500 gramong marijuana | 20 taong pagkabilanggo at multa mula P400,000 hanggang P500,000<br> |

| Punishable Act | Penalty |
|---|---|
| D. Di hihigit sa 5 gramo ng:<br>opyum<br>morpina<br>heroin<br>cocaine o cocaine hydrochlo-ride<br>marijuana resin o marijuana resin oil<br>shabu<br>iba pang ipinagbabawal na gamot -- ecstasy, PMA, TMA, LSD, GHB; o di hihigit sa 300 gramong marijuana | 12 hanggang 20 taong pagkabilanggo at multa mula P300,000 hanggang P400,000<br> |
| **9. Pag-aari ng kasangkapan, instrumento, aparato, at iba pang kagamitan para sa ilegal na droga**<br>• Ang nasabing pag-aari ay *prima facie* na ebidensya na gumamit ng ipinagbabawal na gamot ang suspek na labag sa Section 15 ng batas na ito patungkol sa Paggamit ng Gamot. | 6 na buwan hanggang 4 na taong pagkabilanggo at multa mula P10,000 hanggang P50,000<br> |
| **10. Pag-aari ng ipinagbibawal na gamot sa mga handaan at pagtitipon** | Pinakamabigat na parusang kamatayan at multang P10,000,000 |




| Gawain | Parusa |
|---|---|
| **11. Pag-aari ng kasangkapan, instrumento, aparato at iba pang kagamitan para sa ilegal na droga sa mga handaan at pagtitipon** | 4 na taong pagkabilanggo at multang P50,000 |
| **12. Paggamit ng ipinagbabawal na gamot** | |
| • Unang paglabag, matapos ang confirmatory test | Pinakamababa ang 6 na buwang rehabilitasyon sa isang rehab ng gobyerno |
| • Ikalawang paglabag | 6 hanggang 12 taong pagkabilanggo at multa mula P50,0000 hanggang P200,000 |
| **13. Pagtatanim o pag-aalaga ng halamang idineklarang ilegal na droga o pinagmumulan nito** | Habambuhay na pagkabilanggo hanggang kamatayan at multa mula P500,000 hanggang P10,000,000<br><br>*Ang lupang pinagtamnan ay kukumpiskahin pabor sa gobyerno |
| • Bilang tagatustos ng nasabing taniman | Habambuhay na pagkabilanggo hanggang kamatayan at multa mula P500,000 hanggang P10,000,000 |
| • Bilang protektor ng nasabing taniman | 12 hanggang 20 taong pagkabilanggo at multang mula P100,000 hanggang P500,000 |



## ☐ Sa ilalim ng RA 9165, sinu-sino ang kailangang sumailalim sa drug test?

| Sino? | Uri ng drug test |
|---|---|
| 1. Aplikante para sa driver's license | Mandado |
| 2. Aplikante para sa firearm's license at permit to carry firearms sa labas ng pamamahay | Mandado |
| 3. Mag-aaral sa ikalawa (o high school) at ikatlong antas (o kolehiyo) | Walang pipiliin, ayon sa nasasaad sa student handbook ng paaralan at may pasabi sa mga magulang, kung saan ang gastusin ay sasagutin ng pamahalaan |
| 4. Opisyal at kawani ng mga pampubliko at pribadong tanggapan | Walang pipiliin, ayon sa nasasaad sa mga patakaran ng kumpanya, kung saan ang gastusin ay sasagutin ng may-ari |
| 5. Opisyal at kasapi ng militar, pulisya, at iba pang ahensya ng pamahalaan na nagpapatupad ng batas | Mandado at taun-taon |
| 6. Lahat ng mga nilitis para sa kasong kriminal na maaaring mahatulan ng di bababa sa 6 na taon at isang araw na pagkabilanggo | Mandado |
| 7. Lahat ng mga kandidato para sa panunungkulang pampubliko sa pamamagitan man ng halalan o appointment, sa pambansa man o lokal na antas | Mandado |



### ☐ Ano ang mangyayari sa sinumang mapatunayang positibo sa iligal na droga?

Hahatulan din sila ng mga parusang nakasaad sa Section 15 ng batas sa Paggamit ng Ipinagbabawal na Gamot, kung saan ang lumabag ay sasailalim sa pinakamababang 6 na buwang rehabilitasyon sa isang rehab ng gobyerno para sa unang paglabag, at makukulong naman mula 6 hanggang 12 taon at mumultahan pa mula P50,000 hanggang P200,000 para sa ikalawang paglabag.

### ☐ Ano ang isinasaad ng RA 9165 ukol sa sagutin ng mga mag-anak, mag-aaral, guro, at opisyal ng paaralan sa pagpapatupad ng mga bagong batas laban sa iligal na droga?

A. **ANG MAG-ANAK,** bilang batayan ng lipunang Pilipino, ang may unang sagutin sa pagtuturo at pagmumulat ng kaisipan ng mga miyembro ng pamilya tungkol sa masamang epekto ng ilegal na droga, pati na rin sa pagmamanman ng mga kamag-anak na madaling maimpluwensiyang gumamit ng ipinagbabawal na gamot.



B. **LAHAT NG STUDENT COUNCIL AT KAPULUNGANG PAMPAARALAN** sa elementarya, high school, at kolehiyo ay dapat gumawa ng programa para sa pagpigil at paghadlang sa paggamit ng bawal na gamot, pati na rin sa pagtukoy sa mga mag-aaral na nararapat na sumailalim sa rehabilitasyon.




C. **DAPAT NA SAKLAWIN NG LAHAT NG KURIKULUM** sa elementarya, high school at kolehiyo, pampubliko at pribadong paaralan man, ang pagtuturo tungkol sa pag-iwas, paghadlang o pagpigil sa pang-aabuso ng ipinagbabawal na gamot. Kabilang sa mga dapat ituro ang mga sumusunod:

1. Ang masasamang epekto ng paggamit at pang-aabuso ng ilegal na droga sa tao, pamilya, paaralan at pamayanan;
2. Mga paraan ng pag-iwas sa paggamit at pang-aabuso ng ilegal na droga;
3. Mga problemang pangkalusugan, panlipunan, sikolohikal, legal at pang-ekonomiya na konektado sa ilegal na droga;
4. Mga nararapat na hakbang upang tulungan ang isang drug dependent, pati na rin ang mga serbisyong makukuha sa paggagamot at rehabilitasyon ng drug dependent; at
5. Ang mga maling akala tungkol sa paggamit ng ilegal na droga, tulad ng kahalagahan at kaligtasan ng ilang mga ipinagbabawal na gamot sa panggagamot ng mga sakit at karamdaman, at ang pagkakaiba ng mga totoong pasyente sa drug dependent, upang maiwasan ang pagkalito at pagmamantsa sa isipan ng mga mag-aaral.


D. **LAHAT NG MGA NAMAMAHALA AT GURO NG MGA PAARALAN** ay may kapangyarihang manghuli o mang-aresto at magpaaresto sa sinumang lumalabag sa nasabing batas. Nasa mga kamay nila ang kapangyarihang ito kung sila'y nasa kanilang paaralan o sa paligid nito, o kahit lagpas sa paligid nito kung may opisyal na tungkulin naman sila sa isang pagtitipon o gawaing may kinalaman pa rin sa paaralan.

### Sinasaklaw din ba ng RA 9165 ang mga out-of-school youth?

**Oo.** Sa tulong ng Dangerous Drugs Board, magtatayo sa kani-kanilang tanggapang panlalawigan ang Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal (DILG), ang National Youth Commission, at ang Kagawaran ng Kagalingan at Pagpapaunlad Panlipunan (DSWD) ng special education center para sa mga out-of-school youth at batang-kalye. Ang nasabing Center, na pamumunuan ng panlalawigang Social Welfare Development Officer, ay mag-iisponsor ng mga programa sa pagsugpo sa ilegal na droga, mga gawain at kampanya na layuning turuan at imulat ang mga out-of-school youth at batang-kalye tungkol sa masasamang epekto ng pang-aabuso ng ilegal na droga. Ang mga programang sisimulan ng Center ay susundan naman ng lahat ng mga pampubliko at pribadong bahay-ampunan at sentro para sa mga batang-kalye.



- **Sino ang mga nagpasimuno sa Comprehensive Dangerous Drugs Bill bago ito naisabatas?**



Ang mga nagpasimuno sa Comprehensive Dangerous Drugs Bill ay sina Senador Robert Z. Barbers at Kinatawan Juan Miguel F. Zubiri ng ikatlong distrito ng Bukidnon.

## CONTACT NUMBERS

| | |
|---|---|
| **Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA)** | 726-2111 |
| PNP Anti-Illegal Drugs Special Operations Task Force | |
| GEN. EDGARDO AGLIPAY | 722-1918/ 1722/7976 |
| | |
| **Drug Rehabilitation (Camp Bagong Diwa)** | |
| | |
| **Center for the Ultimate Rehabilitation for Drug Dependents** | |
| CUREDD Rehabilitation Center | |
| Headed by: Police Supt. Bonaparte P. Francisco | 837-2471 loc. 881/882 |
| | |
| PDEA TRUNKLINE: | 726-2111 |
| CRAME OPTR.: | 723-0401 |
| FAX NOS.: | 726-2141/722-4270 |

## PDEA KEY PERSONNEL 2003

| | |
|---|---|
| **USEC. ANSELMO S. AVENIDO JR** | 726-2141/3629/104 |
| Director General, PDEA | |
| | |
| **ASEC. BALTAZAR S. DALANGAUAN** | 110 |
| Deputy Director General for Administration | |
| | |
| **ASEC. RODOLFO N. CAISIP** | 726-2109/105 |
| Deputy Director General for Operation | 0917-8389260 |
| | |
| **PDDG EDGAR B. AGLIPAY** | 0917-8131-310 |
| TF Commander | |
| | |
| **PSSUPT ANTONIO R. TORRES** | |
| Head Exec. Asst. for the Dir. Gen. | |
| | |
| **PSUPT EDWIN G. NEMENZO** | 116 |
| Acting Dir., Admin and Human Resource Service | 0919-3419359 |
| | |
| **PSSUPT AGER P. ONTOG JR** | 112 |
| Acting Dir., Intelligence and Investigation Service | 0917-5359245 |
| | |
| **PSSUPT LINA C. SARMIENTO** | 113/114 |
| Acting Dir., Plans and Operations Service | 0917-5359794 |

| | |
|---|---|
| **PC1 LESLIE C. MAALA** | |
| **PCINSP EDUARDO A. QUIIOCHO**<br>Officer-In-Charge, Logistics Management Service | 107<br>0920-5061505 |
| **PSSUPT ORLANDO PESTANO**<br>Acting Dir., Financial Management Service | 3399/106<br>0918-9090282 |
| **PSSUPT ROLANDO S. ABUTAY**<br>Acting Dir., Preventive Education and<br>Community Involvement Service and<br>concurrent OIC,PIO | 120 |
| **PSUPT EDWIN C. ROQUE**<br>Acting Dir., Internal Affairs Service | 3339/115<br>0917-4977194 |
| **PSSUPT JULIETO P. ROXAS**<br>Acting Dir., Legal and Prosecution Service | 108<br>0917-4977194 |
| **PSUPT ABE L. LEMOS**<br>Acting Dir., International Cooperation<br>and Foreign Affairs Service | 721-2106<br>0917-8438720 |
| **PSUPT PRIMO B. GOLINGAY**<br>Acting Dir.., Compliance Service | 726-5855/5219 |
| **PSUPT SONNY Y. DAVID**<br>Acting Dir., PDEA Academy | 0918-3443953<br>721-2087/3439 |
| **PSUPT MARINO E. RAVELO**<br>Acting Dir., Operational Support Service | 724-8796/5509<br>0917-5971211 |
| **PINSP JULIUS D. GUADAMOR**<br>Chief, K-9 Unit, OSS | (OFC) 726-5646<br>0918-5317871 |
| **PSUPT PEPITO U. DOMANTAY**<br>Acting Dir., Special Enforcement Service | 725-3172 to 74/ 5529<br>0917-8329507 |
| **PSSUPT ORLANDO M. MABUTAS**<br>Acting Dir., Metro Manila Regional Office | 724-8788/ 726-5445<br>722-8112<br>0919-4449875 |
| **PSUPT ANTONIO VALLE**<br>ARD, Regional Office 1<br>Camp Diego Silang Cavite, Cariatan,<br>San Fernando City, La Union | 092-702-4397<br>0920-9055233 |

| | |
|---|---|
| **PSUPT ROLEN D. BALQUIN**<br>ARD, Regional Office II<br>Camp Adduru, Tuguegarao City | 078-8442897<br>0917-9595632 |
| **PSUPT JEROME S. BAXINELA JR**<br>ARD, Regional Office III<br>Bldg. 7372 Clark Economic Zone,<br>Clark Field, Angeles City | 045-860-2977<br>045-860-2941 |
| **PSUPT EDGARDO L. PEREZ**<br>ARD, Regional Office IV<br>Camp Vicente Lim, Calamba City, Laguna | 049-834-1304<br>049-531-2293<br>PRO TOC |
| **PSSUPT DARIUS M. TUAZON**<br>ARD, Regional Office V<br>Camp General Simeon A Ola, Legaspi City | 052-820-8751<br>052-820-72515<br>0917-458-2139 |
| **PSSUPT LAZARO R. TORCITA**<br>ARD, Regional Office VI<br>Camp Martin Delgado, Iloilo City | 033-337-1600<br>0919-8187589 |
| **PSSUPT GAUDENCIO B. PAGALING**<br>ARD, Regional Office VII<br>Salinas Drive, Lahug, Cebu City | 032-233-9044 |
| **PSUPT AMADO E. MARQUEZ**<br>ARD, Regional Office VIII<br>Camp Riperto Kangleon, Palo, Leyte | 053-3239220<br>053-3237267<br>0916-4254505 |
| **PCINSP ADZAR A. ALBANI**<br>OIC. Regional Office IX<br>Upper Calarian, Zamboanga City | 062-991-3000<br>0919-2141194 |
| **PSUPT RENE M. ORBE**<br>ARD, Regional Office X<br>Pelaez Sports Complex, Velez Street,<br>Cagayan de Oro City | 088 22724180 |
| **PSUPT WILKINS M. VILLANUEVA**<br>ARD, Regional Office XI<br>Camp Captain Domingo E. Leonor,<br>Davao City | 082-222-3045<br>0917-4058839 |

**PSUPT EFREN B. ALQUIZAR** 083-3021918
ARD, Regional Office XII 0917-7005113
Camp Fermin G Lira Jr, General Santos City

**PSUPT GLENN D. DELA TORRE** 085-815-1597
ARD, Regional Office XIII 0917-9884-250
Camp R. Rodriguez, Libertad, Butuan City

**PSUPT DANILO P. FLORDELIZA** 074-3043506/
ARD, CAR Regional Office 304-2090
DPS Compound, Baguio City

**PSUPT DIONARDO I. TORRES** 064-421-7239
ARD, ARMM Regional Office
PC Hills, Cotabato City

**PSSUPT FRANCISCO BONAPARTE** 837-2471 loc. 881/882
Chief, Bicutan Center for the Ultimate 838-2667
Rehabilitation of Drug Dependents
(BCUREDD), Camp R. Papa
Bicutan, Taguig, Metro Manila

**ERLINDA GARCIA-PATAC, M.D.** 809-8399
Chief Executive Officer 850-3282

**OSCAR R. CASTILLO, JR.**
Psychologist I
Bureau of Correction Therapeutic
Community Center
New Bilibid Prison Compound
Muntinlupa City

**LYDIA R. LITIATCO** 939-5917
RSW, Center Administrator
Dangerous Drugs Board-Europen Union
Treatment and Rehabilitation Center
#25 Newport cor. Marlboro Streets
East Fairview, Quezon City

# Isang Praymer Tungkol sa Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002 (Republic Act 9165)


## Pasasalamat

*Tagalimbag*
**Philippine Information Agency (PIA)**
**Philippine Charity Sweepstakes Office (PCSO)**

*Patnugot na Tagapagpaganap*
**Renato S. Velasco, Ph.D.**

*Malikhaing Patnugot*
**Jose Reuben Q. Alagaran II**

*Punong Patnugot*
**Minerva Y. Quemuel**

*Tagasalin*
**Carmela O. Sarmiento**
**Michelle Dawn C. Bande**

*Layout*
**Arnel F. Orea**
**Edmund C. Paderanga**

*Enkoder*
***Evelyn V. Baldemor***

*Technical Assistants*
**Lenna Eilleen C. de Dios**
**Arlene F. Manzolim**
**Roben A. Savares**

*Photo Coordinator*
**Renato O. Sanches**

*Cover Designer*
**Dennis Bryann M. Ting**

Published by
**Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA)**
**Philippine Charity Sweepstakes Office (PCSO)**
and
**Philippine Information Agency (PIA)**